# Walang pagkahawa, walang kamalasang nakaugnay sa isang ibon, ni sa isang kuwago, ni sa [buwan ng] Ṣafar. Tumakas ka mula sa ketongin kung paanong tumatakas ka mula sa leyon."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang pagkahawa, walang kamalasang nakaugnay sa isang ibon, ni sa isang kuwago, ni sa [buwan ng] Ṣafar. Tumakas ka mula sa ketongin kung paanong tumatakas ka mula sa leyon."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng ilan sa mga nauukol sa Panahon ng Kamangmangan bilang pagbibigay-babala laban sa mga ito at bilang paglilinaw na ang usapin ay nasa kamay ni Allāh at hindi nangyayari ang anuman kundi ayon sa utos Niya at pagtatakda Niya. Ang mga ito ay ang sumusunod: A. Ang mga kampon ng Kamangmangan noon ay nagpapalagay na ang sakit ay lumilipat nang kusa kaya sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa paniniwala ng pagkasalin nang likas ng sakit mula sa maysakit papunta sa iba sapagkat si Allāh ay ang namamatnugot sa Sansinukob at Siya ay ang nagbababa ng karamdaman at nag-aalis nito. Hindi nangyayari iyon kundi dahil sa kalooban Niya at pagtatakda Niya. B. Ang mga kampon ng Kamangmangan noon, kapag lumisan sila para sa isang paglalakbay o isang pangangalakal, ay nagtatabog ng ibon. Kung lumipad ito sa dako ng kanan, nagagalak sila. Kung lumipad naman ito sa dako ng kaliwa, nagtuturing sila ng kasamaan dito at bumabalik sila. Kaya sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagtuturing ng kasamaang ito sa ibon at naglinaw siya na ito ay isang bulaang paniniwala. C. Ang mga kampon ng Kamangmangan noon ay nagsasabi na kapag lumapag ang ibong kuwago sa isang tahanan, may mangyayari sa mga naninirahan dito na isang kasawian. Kaya sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagtuturing ng kasamaan doon. D. Sumaway siya laban sa pagtuturing ng kasamaan sa buwan ng Ṣafar, ang ikalawang buwan ng kalendaryong lunar ng Islām. Sinasabi rin na ang Ṣafar ay isang ahas na nasa tiyan, na dumadapo sa mga hayupan at mga tao. Naggigiit sila na ito ay higit na matindi sa pagkahawa kaysa sa sakit na galis. Kaya sinaway niya ang paniniwalang ito. E. Nag-utos siya ng paglayo sa dinapuan ng sakit na ketong kung paano kang lumalayo sa hayop na leyon. Iyon ay isang pag-iingat para sa sarili, isang paghahangad para rito ng kaligtasan, at isang paggawa ng mga kadahilanan na ipinag-utos ni Allāh. Ang ketong ay isang sakit na naaagnas dahil dito ang mga bahagi ng katawan ng tao.